Pagkakapantay-pantay ng kasarian at magkakaibang pananaw


# Sama-sama tayong maghanda Gabay sa iwas sakuna at pagpapagaan sa epekto ng kalamidad

(タガログ語版：Bersyong Tagalog)



Bilang aral mula sa Malaking Lindol ng Silangang Japan, nabigyan pansin ang kahalagahan ng mga panukala para sa pag-iwas sakuna at pagpapagaan sa epekto ng kalamidad, sa pagtulong sa sarili at pagtulong sa kapwa ng mga lokal na residente, na nabibigay konsiderasyon sa pagkaiba ng mga pangangailangan ng mga lalaki at babae, at ng iba't-ibang klase ng pamumuhay.

Sa panahon ng kalamidad, upang makapamuhay ng ligtas at panatag ang bawat tao sa loob ng evacuation center na ginagalang ang kanilang karapatang pantao, ng walang diskriminasyon sa kanilang kasarian, gulang, kapansanan at nationalidad at iba pa, sa ordinaryong panahon mahalaga na laliman ang pagkaunawa sa pag-iwas sakuna at pagpapagaan sa epekto ng kalamidad mula sa magkakaibang perspektibo kasama ang pagkakapantay-pantay ng kasarian at itupad ito.




Itong gabay ay batay sa mga aral mula sa Malaking Lindol ng Silagang Japan, at nilikha upang malaman ng malawakang ng ordinaryong mamamayan ng prefektura, lalo na ang may tungkulin sa pag-iwas sakuna sa rehiyon, ukol sa mga punto sa pag-iwas sakuna at pagpagaan ng epekto ng kalamidad (liban ang mga panukala sa kaligtasan na naaayon sa uri ng kalamidad) mula sa „Perspektibo ng pagkakapantay-pantay ng kasarian at magkakaibang uri ng pamumuhay" at „Perspektibo ng pagtulong sa sarili at pagtulong sa kapwa".

Prefektura ng Miyagi

---

Ang pagsasakatuparan ng isang lipunan na pantay-pantay ang mga kasarian ay ang paggawa ng isang lipunan na maaring mamuhay nang panatag para sa babae at sa lalaki.

Ang Prefektura ng Miyagi, bilang pagsunod sa mga batas at mga batayan na panukala sa pagpapaunlad sa pagkakapantay-pantay ng mga kasarian, ay nilalayon na magkasamang ibahagi ang tungkulin habang rinerespekto ang karapatang pantao ng parehong babae at lalaki, at isang lipunan na maaring ipamalas ang sariling personalidad at kakayahan na walang kinalaman sa kasarian.

**Website ng Pagkapantay-pantay ng kasarian: Try-Angle Miyagi**

**Seksyon sa pagtaguyod ng lipunan na pantay-pantay ang kasarian ng Prefektura ng Miyagi, homepage ng grupo para sa pagtaguyod ng pagkakapantay-pantay ng kasarian)**

**http://www.pref.miyagi.jp/site/kyousha/**

Linimbag Nobyembre 2013
ng Prefektura ng Miyagi

Itong gabay ay nilikha binatay sa opinyon ng sumusunod na materyales at ng kumite ng paglikha ng „Gabay sa pag-iwas sa sakuna mula sa perspektibo ng pagkapantay-pantay ng kasarian".

<Ang mga pangunahing reperensiya> Tanggapan ng lihim ng gabinete (may tungkulin sa pag-iwas sa sakuna): „Mga alintuntunin tungo sa pagpapanigurado ng kaayang-ayang pamumuhay at kapaligiran sa loob ng evacuation center"
Tanggapan ng lihim ng gabinete, Himpilan ng pagkakapantay-pantay ng kasarian: Mga alintuntunin para sa pag-iwas sakuna at pagbawi mula sa kalamidad, mula sa pananaw ng pagkakapantay-pantay ng kasarian
Plano sa pag-iwas sakuna sa rehiyon ng Prefektura ng Miyagi

<Kumite ng paglikha> mga dalubhasang akademiko, mga lokal na kinatawan ng mga pribadong samahan sa pag-iwas sakuna at ng mga asosayon pang-komunidad, mga may tungkulin sa lokal na gobyerno
Prefektura ng Miyagi (Pangkalahatang dibisyon, Dibisyon ng kapaligiran at pamumuhay, Dibisyon ng kalusugan at kapakanan)

● Para sa mga tanong ukol sa gabay na ito: Dibisyon ng kalikasan at pamumuhay ng Prefektura ng Miyagi, Departamento sa pagsulong ng isang pantay na lipunan
TEL 022-211-2568

# Tayo’y maghanda para sa sakuna sa panahon ng pangkaraniwan.

Sa pag-iwas sakuna ang saligan ay ang „pagtulong sa sarili” (ang sarili kong kapakanan ay sarili kong proprotektahin). Sa oras ng malaking kalamidad, bilang aksyon sa pagbawas ng pinsala, kasabay sa paghanda ng indibiduwal at ng pamilya na magiging „pagtulong sa sarili”, upang maipamalas ang lakas ng „pagtulong sa kapwa” sa oras ng kalamidad, ay mahalaga ang regular at aktibong partisipasyon sa mga lokal na pagkilos sa pag-iwas sakuna bilang kasapi ng rehiyon.

## Tayo’ y mag-usap sa ating pamilya bilang paghanda.

- Sa panahon ng kalamidad, maari na ang ordinaryong paraan ng komunikasyon ay nawawala. Bago mangyari ito, tayo’ y dapat magdisisyon ng maraming bagay katulad ng sino dapat tawagan o ipagpaalam ng kalagayan ng buong pamilya, ang paraan para makasigurado ang kanilang kaligtasan, ang evacuation center na pupuntahan at iba pa.

- Lumikha ng emergency numbers card na nagsasaad ang taong tatawagan at ang phone number na napag-usapan ng pamilya, at para sa mga kinakailangan ng medikasyon, ang uri, dami at paraan ng pag-inom ng kanilang gamot, at iba pa, at palagi nating dalhin.

## Tayo’y mag-imbak batay sa sariling pangangailangan at sa pangangailangan ng pamilya.

- Sa paghanda, dapat hatiin sa ”kailangan bitbitin” at „kailangang iimbakin” (hindi liliit sa kinakailangan para sa tatlong araw) ang mga kakailanganin sa oras ng kalamidad katulad ng pagkain at mga pangangailangan sa pang-araw-araw at iba pa.




- Kung sakaling may alerhiya sa ilang uri pagkain, bukod sa pag-imbak ng pansariling pagkain, manigurado kung saan makakakuha sa oras ng kalamidad.

- Kung ang lokal na pamahalaan ang mag-iimbak ng pagkain, dapat and piniling pagkain na ipinamamalas ang pangangailangan ng magkakaibang namumuha sa komunidad, kasama ang pamilya na may kababaihan, mga nagdadalang-tao, sanggol, mga nakakatanda, may kapansanan at iba pa.

**Noong malaking lindol ng silangang Japan...**

Pagkatapos ng pagganap ng kalamidad, sa mga evacuation center, ang mga pangangailangan ng mga pamilya na may kababaihan sa sanggol,katulad ng sanitary napkins, gatas, diaper at ang mga pang-araw-araw na pangangailangan ng mga nakakatanda ay kukulang. Mahalaga na siguraduhin ang pag-iimbak ng lokal na pamahalaan kasabay sa sariling pag-iimbak.

**Tayo’y magimbak ng magkabuklod na kagamitan**

| Pagbuklod ng kagamitang pambabae | Pagbuklod ng kagamitang pang-sanggol | Pagbuklod ng adult diapers |
|---|---|---|
| ☐ Sanitary napkins | ☐ Gatas | ☐ Adult diapers |
| ☐ Sanitary shorts | ☐ Gatas para sa may allergy | ☐ Sanitary napkin para sa pag-ihi |
| ☐ Bulak panglinis | ☐ Inuming tubig para sa sanggol | ☐ Wet wipes o tisyu (Pampunas sa puwet) |
| ☐ Pantiliner | ☐ Bote | ☐ Supot ng basura na hindi makikita ang nilalaman |
| ☐ Supot na basura na hindi makikita ang nilalaman | ☐ Pang-sterilize ng botelya ng bata. | |
| | ☐ Kagamitan sa pag-kulo ng tubig (De-baterya o de-koryente) | |




＊Ang mga kagamitan na kailangan sa pang-araw-araw ay mainam na ibuklod sa iisang lalagyan lamang upang maagarang magamit sa oras ng pangangailangan.



## Tayo’y maghanda ng maraming paraan upang makasiguro ang paghagilap ng importanteng balita o impormasyon.

- Sa panahon ng kalamidad, napakamahalaga pagkakuha ng impormasyon ukol sa kalagayan ng kalamidad, at mga anunsyo ukol sa paglikas matapos makapasiya na lumikas.
Tayo’y magpalagay sa magiging sitwasyon sa oras ng sakuna, at maghanda ng iba’t ibang paraan.



## Mag-isip tayo ng pagsasanay o pagturo sa pag-iwas sa sakuna na makakasali ang sinuman na walang kinalaman sa kasarian o henerasyon.

- Bilang isang palagay sa oras ng kalamidad ay ang mga taong magsisipaglikas at ang paraan ng paglikas ay mag-iiba depende kung araw at sa gabi at kung karaniwang araw o sa katapusan ng linggo. Ipatupad natin ang mas makatotohanan na pagsasanay na kasali ang mamamayan na magkakaiba ang kasarian, gulang, kapansanan at nasyonalidad at iba pa.
Malaking lakas sa oras ng kalamidad ang pakikipag-ugnayan ng lokal na pamamahala kung nakaugalian sa mga aktibidad.

- Mag-isip tayo ng paraan sa paggabay sa paglikas at pagtulong para makanigurado sa kaligtasan lalong-lalo na ng mga nagdadalang-tao, mga nag-aalaga ng sanggol, mga nakakatanda, may kapansanan, at ibang tao na nangangailangan ng suporta sa panahon ng paglikas.

- Sa pagsasanay sa iwas-sakuna, masnakakabuti kung ang mga tungkulin ay hindi nararapat na panlalaki o pambabae lamang. Halimbawa, ang pagluluto ng pagkain para sa mga nagsipaglisan ay hindi dapat tinatalaga sa mga babae lamang.



**Pagsasanay o asosasyon sa pagturo sa pag-iwas ng sakuna (halimbawa)**

- Siguraduhin ang daan paglikas at oras
- Magtayo ng evacuation center at ang pagsanay sa mamamahala nito
- Ang paninigurado ng kaligtasan, ang paggabay sa paglikas at ang pagtulong sa mga nagdadalang tao, mga sanggol, mga nakakatanda, mga taong may kapansanan at iba pa.
- Sistema sa pagtanggap ng mga NPO at NGO na volunteers

**Noong malaking lindol ng silangang Japan...**

Pagkatayo ng pribadong asosasyon ng iwas-sakuna sa distrito, naipatuloy ang mga aktibidad sa iwas-sakuna katulad ng pagsasanay sa pag-iwas sakuna na hindi maiisipan sa karaniwang panahon at paggawa ng mapa. Dahil dito ay mayroon na naging halimbawa na maaring makapaglikas sa madaling panahon mula sa tsunami kapag nagtulungan ang mga mamamayan.
Habang nag-iisip ng aktibidad sa pag-iwas kalamidad na batay sa aktuwal na sitwasyon sa rehiyon, sumisikap na igihin ang komunikasyon sa mga residente ng rehiyon sa pamamagitan ng mga aktibidad. Ang mga ito’y nakakatulong sa pagprotekta ng buhay ng mga residente.

- Sa karaniwang panahon, nabuo ang „kumite tagapagmahala ng mga evacuation center” na binubuo ng mga mamamayan ng rehiyon. Sila’y natatalakayan tungkol sa „Sistema ng pamamalakad ng mga evacuation center”, „Mga patakaran sa pamumuhay sa evacuation center” at „Mga dapat tandaan para sa pamamahala sa perspektibo ng pagkakapantay-pantay sa kasarian” para sa oras ng kalamidad. Ito ay nakatulong sa agarang pagresponde sa oras ng kalamidad.




- Sa oras ng kalamidad, upang epektibong makipagtulungan kasama ang mga volunteers, sa karaniwang panahon ay mahalaga ang palakasin ang „lakas ng suportang tanggap” (ang lakas mula sa tanggap na suporta = ang sistema, kaalaman, na tinatanggap ng rehiyon mula sa volunteers).

＊Pag-iwas sakuna volunteer page (mula sa page ng impormasyong ukol sa pag-iwas sakuna ng tanggapan ng lihim ng gabinete)
▶ http://www.bousai-vol.go.jp/

# Kapag nagkaroon ng malaking kalamidad at kailangan manatili sa evacuation center...

Kung sakaling nagkaroon ng malaking kalamidad at nanatili sa evacuation center, upang makabuhay ng ligtas at panatag habang nagtutulungan, mahalaga na magbigay konsiderasyon as pagkaiba ng pangangailangan ng babae at lalaki at sa palagay ng iba't ibang nasalanta, katulad ng nagdadalang-tao, mga sanggol, mga nakakatanda, mga may kapansanan at mga dayuhan at iba pa..


## Manigurado tayo na sa pagpatayo ng evacuation center ay ito ay lugar na maaring makapag-isa, maging ligtas at panatag ang kalooban.

- Ipatayo natin mula umpisa.
  - ☐ Kuwarto para sa pagpapasuso sa anak
  - ☐ Sampayan ng damit
  - ☐ Lugar para sa libangan
  - ☐ Sariling palikuran para sa lalaki at para sa mga babae
  - ☐ Kuwarto para sa pagpalit ng damit
  - ☐ Kuwarto para sa panglunas sa may sakit, karamdaman o sugat

＊ Magtayo ng lugar na maaring gamitin ng kababaihan at ng mga bata na ligtas sa anumang oras sa araw at sa gabi.

- Ang paghanda ng mga palikuran na madaling gamitin ng anumang gulang o pisikal na kondisyon, mga palikuran para sa mga nakakatanda, at mga simpleng higaan ay mahalaga.

- Depende sa kondisyon ng mga napinsala, katulad ng, manigurado tayo na may ligtas at panatag na lugar katulad ng pagtayo ng maliit na kwarto o partisyon na naayon sa sitwasyon ng nasalanta katulad ng mga pamilya na may nagdadalang tao, may sanggol, nakakatanda o may kapansanan, o mga babae na nabubuhay ng nag-iisa.




- Magsikap tayo na panatilihing malinis at ligtas sa mikrobyo ang kapaligiran sa paggamit ng mga panukala sa pag-iwas ng impeksyon bilang konsiderasyon sa kalusugan ng mga nag-dadalang tao, sanggol, sa mga nakakatanda atbp.




**Noong malaking lindol ng silangang Japan...**

Sa loob ng mataong evacuation center, may sitwasyon na walang kwarto para sa pagsuso o pagpalit ng damit at sa loob ng sleeping bag lamang nagpapalit ng damit, at tuwing gabi ay nakakadama ng alinlangan ang mga babae dahil matutulog katabi ang lalaking di kilala. Mahirap maitayo matapos naibukas na ang evacuation center kaya mahalaga ang siguraduhin na ang pinakamaliit na kinakailangan na lugar sa umpisa pa lang.

Mga pansamantalang palikuran ay tradisyonal na pang-Hapon kaya mahirap magamit ng mga nakakatanda at ang mga palikuran ay malayo sa lagusan ng evacuation center at tuwing gabi ay madilim kaya nagbibigay ng iba't ibang pangangamba at problema.



Mga sambahayan na mayroong nakakatanda o may kapansanan na nangangailangan ng pag-aalaga, mga sambahayan na may sanggol at iba pa, ay hindi nasasanay sa loob ng evacuation center at umiiwas sa mga tao sa paligid kaya dumadami ang tao ang napipilitan na manatili sa kotse o sa isang bahagi ng bahay na nasalanta ng kalamidad.

## Tayo'y magtatag ng maskaaya-ayang kapaligiran na pinahahalagahan ang komunikasyon.

### ~Sa pagpapamahala dapat maglahok pareho ang babae at lalaki.~

Pagkabukas ng evacuation center, napakahalaga na ang pamamalakad ay mailipat sa lalong madaling panahon sa mga nagsipaglikas.

Gumawa tayo ng paraan na ang namamahalang katawan ay kasapi ang mga kalalakihan at kababaihan, at ang mga babae ay bumubuo ng 30% o pataas sa may tungkulin sa pagmamahala. Tayo'y lumikha ng kapaligiran na madali maipahayag ng mga kababaihan ang kanilang opinyon at pagnanais.


**Noong malaking lindol ng silangang Japan...**

Sa evacuation center at iba pa, naiulat na may kaugalian na hindi pinapahalaga ang pagnanais at opinyon ng mga kababaihan. Bukod dito, pagbikas nila ng kanilang saloobin o pagnanais nagiging mahirap manatili sa evacuation center at sila'y nababahala kaya nakaugaliang tinitiis na lang nila. Hinihimok namin na ang may tungkulin ay kalahok din ang mga kababaihan.

## Tayo'y magtatag ng mga panuntunan at ng talaan ng mga tao matapos makalmado.

- Mahalaga ang kooperasyon at mga patakaran upang mabuhay sa loob ng evacuation center. Magkakaroon ng magandang samahan kung ibabatay sa pagkinig sa puna at dayalogo sa magkakaibang nasipaglikas.

- Upang maintindihan ang sari-sariling kinakailangan ng gamit at serbisyo ng mga nagsipaglikas, tayo'y lumikha ng listahan ng mga pangalan ng mga nagsipaglikas.



- Tayo'y rin magbigay ng sapat na pag-ingat sa paghawak at pangangasiwa ng pribadong impormasyon ng nagsipaglikas.
  Bukod dito, mahalaga ang maingat na pangangasiwa ng pribadong impormasyon ng nagsipaglikas na biktima ng karahasan sa tahanan o ang katulad nito na may takot na mahanap at masaktan ng bumibiktima sa kanya.

## Ibahagi sa lahat ang mga gawain sa evacuation center.

- Sa pamamalakad ng evacuation center ay maraming iba't-ibang trabaho. Magbahagi ng tungkulin na pinapahalaga ang natatanging kakayahan at kalayaan ng indibiduwal at gawing kasapi o pinuno pareho ang mga lalaki at babae.

<Bilang reperensiya>

| | |
|---|---|
| Grupo sa pangkalahatang administrasyon | Ang regulasasyon ng kalihim ng kumite ng mga tagapagmahala, at ng pangkalahatang administrasyon |
| Grupo sa talaan | Ang paglikha at pagpanatili ng talaang ng mga pangalan ng mga nagsilikas |
| Grupo sa impormasyon | Ang pagkolekta at pagmahagi ng impormasyon, ang pagpapanatili sa bulletin board |
| Grupo sa pagkain at gamit | Ang pakuha, pagtanggap, pagmamahala at pagmamahagi ng pagkain at relief goods |
| Grupo sa pag-sagip | Ang pagsagot sa pangangailangan ng may karamdaman, mga nakakatanda at mga may kapansanan at iba pa. |
| Grupo sa kalinisan | Ang pagkaroon ng panukala sa kalusugan, ang pag-imbestiga sa kalusugan, ang mahigpit na pagsunod sa patakaran tungkol sa basura at iba pa. |



- Upang hindi ilapat ang mga tungkulin sa natatanging tao lamang, mahalaga na ang mga lalaki at babae ay nagtutulungan sa pagtrabaho, ang talakdaan ng tungkulin, pagpapapalit-palit ng tagapangasiwa at iba pa.

## Tayo'y mag-isip ng magandang paraan sa pagmamahagi ng mga pangangailangan ng mga kababaihan.

● Para sa mga kagamitang pambabae katulad ng underwear at sanitary napkin, mag-isip ng sistema ng pagmamahagi, katulad ng ang pagmamahagi mula sa may tungkulan na kapwa babae, o palaging maaring makuha sa lugar para sa kababaihan o sa pambabaeng palikuran.



● Pati rin sa mga napinsala na hindi nakalikas sa evacuation center dahil sa sariling sitwasyon, magpamahagi tayo ng mga kagamitang pambabae, pang-sanggol, adult diapers at iba pang pangangailangan.


**Noong malaking lindol ng silangang Japan...**

Naireporta na ang mga tagapagmahagi dati ay mga lalaki kaya nahihiya at nahihirapan ang mga babae na pumunta upang makatanggap ng sanitary napkin, underwear at iba pa. At ang mga lalaki ay kulang sa kaalaman ukol sa pangangailangang pambabae kaya di maibahagi ang relief goods.

## Siguraduhin natin ang pagbahagi ng impormasyon.

● Mag-isip tayo ng paraan upang makahatid ng mahalagang impormasyon para sa mga nasalanta katulad ng kalagayan ng mga napinsala, impormasyon ukol sa pagkaligtas o kapahamakan, impormasyon tungkol sa suporta mula sa gobyerno, ng madaling paraan at nakakasiguradong matatanggap.

Magbigay tayo ng konsiderasyon lalong-lalo na sa may kapansanan sa paningin at sa pagdinig, mga nakakatanda, sa mga dayuhan na hindi makasalita ng Hapon at iba pa.



## Alagaan natin ang kaligtasan ng kababaihan at mga bata.

● Mag-isip tayo ng mga paraan upang matigil ang karahasan sa mga kababaihan at mga bata. Lumikha tayo ng kapaligiran na hindi pinapahintulot ang karahasan.

- Tanggalin ang mga anglo ng bulag, maglagay ng ilaw sa madidilim na pook.
- Himukin ang sariling depensa, katulad ng paggalaw sa may kasama.
- Ang pagpatrol ng mga bantay sa lugar ng tulugan at mga pambabaeng lugar, ang pagmahagi ng sariling sipol bilang depensa, ang pagpaskil ng babala laban sa karahasan.

At iba pa.

## Tayo'y magbigay konsiderasyon sa kapaligiran ng mga bata.


● Magbigay tayo ng konsiderasyon upang makapagbigay ng isang lugar na kaaya-aya sa mga bata araw-araw, katulad ng pagtatag ng indayogng pamumuhay, paglikha ng lugar at pagkakataon na ang mga bata ay maaring makapaglaro ng ligtas.

# Kapag tumagal ang pananatili sa evacuation center...

## Tayo'y magsikap initindihin ang mga pangangailangan ng mga biktima.

● Sa pagtagal sa evacuation center, ang buhay at pangangailangan ng mga napinsala ay magbabago araw-araw. Importante na habang inaalala na ang pagkaiba ng pangangailangan ng lalaki at babae, naiintindihan ang mga ito at tama ang pagsagot sa mga ito.

● Dapat na mabigyan konsiderasyon lalong-lalo na ang mga nagdadalang-tao, mga sanggol, mga nakakatanda, mga may kapansanan, dayuhan at iba pa, at maisagot ang kanilang pangangailangan batay sa kanilang kalagayan sa pamamagitan ng pakikipagtulungan sa mga ahensya at institusyon at iba pa.



## Bigyan natin ng konsiderasyon ang pag-alaga sa mga damdamin.

● Palaganapin natin ang counselling para sa mga namomoblema at biktima ng karahasan sa tahanan. Mag-isip tayo ng paraan na maaabot sa biktima ang impormasyon tungkol sa counselling at iba pa na hindi makikita ng ibang tao.

● Kapag lalong tumatagal ang panahon sa evacuation center, ang nasalanta ay bumabalot sa pag-aalala at sa stress. Lumikha tayo ng lugar na ang mga nasalanta ay maaring magtipon-tipon ng walang alinlangan, at pagkakataon na mabawasan ang stress.

## Tayo'y handain ang mga nagsipaglikas para makatayo sa sarili nilang mga paa.

● Kasabay ng pagtagal sa evacuation center ay lalo nagiging mahalaga ang suporta upang ang nasalanta ay makabalik sa ordinaryong buhay (sa mundo na maaring makalaba, makapaligo, ang mga anak ay makapasok sa paaralan at iba pa). Ang mga nasalanta mismo ang nais umasa lamang sa sarili at ang pagplano nila upang makakaya nila mamuhay sa loob ng evacuation center na hindi umaasa sa iba, ay ang lakas na makakapanumbalik sa dati nilang buhay.

# Araw-araw tayo'y magsikap na magbuo ng rehiyon na ang babae at lalaki ay nagtutulungan sa isa't-isa.

● Sa panahon ng kalamidad, upang mabuklod ang lakas ng mga babae at lalaki upang itugon ang krisis, hindi maaring mawala ang pagsulong ang palagiang pagkakapantay-pantay ng kasarian sa bahay, sa trabaho sa rehiyon at iba pa.

Ang proseso ng pagpapasya ng lokal na komunidad para sa pag-iwas sa sakuna, mga kilos ng pribadong samahan para sa pag-iwas sakuna na nagtataguyod sa paglahok ng mga kababaihan, Tayo'y magsikap na lumikha ng rehiyon na ang prosesyo ng pagpapasya ng lokal ng komunidad at ang mga panukala sa pag-iwas sakuna, at ang mga aktibidad ng mga pribadong asosasyon ng volunteers ay nagtataguyod sa paglahok ng mga kababaihan, at ang mga babae at lalaki ay hati-hati sa responsibilidad.

● Tayo'y aktibong magplano ng aktibidad ng rehiyon at pagsasanay sa iwas-sakuna at iba pa na kinaugaliang walang kinalaman sa kasarian, gulang, kapansanan o nasyonalidad.
Ito ay nakakaapekto rin sa paglakas ng „pagtulong sa kapwa" sa rehiyon at sa lakas sa pag-iwas sakuna.

